



# Paliwanag tungkol sa iyong napagkasunduang kabayaran

## Ikaw ay makakatanggap ng napagkasunduang kabayaran dahil ikaw ay isang nararapat na miyembro ng 'Robodebt' (Social Security Debt Collection) Class Action (VID1252/2019)

Ang Commonwealth at ang mga aplikante (kinakatawanan ng Gordon Legal) ay sumang-ayon na ayusin ang pangmaramihang asunto (class action). Inaprobahan ng Federal Court ang paraan ng pagkuwenta sa iyong napagkasunduang kabayaran.

### Paano kinuwenta ang aking napagkasunduang kabayaran?

Ang halaga ay depende sa:

- Kung nagbayad ka sa iyong mga nararapat na utang
- Magkano ang iyong ibinayad
- Kung ibabalik ang iyong ibinayad, at
- Ilan sa mga nararapat na miyembro ng grupo ay rehistrado para sa napagkasunduang kabayaran.

Ang mga tao na nagbayad ng mas marami, at nawalan ng pera ng mas matagal, ay mababayaran ng mas malaki.

### Hakbang 1: Pagkukuwenta sa pamamahagi ng napagkasunduang kabayaran

Ang Federal Court ay nag-aproba sa napagkasunduang kabayaran na may kabuuang \$112 million.

Una, ang mga nagastos ng Gordon Legal na \$10.3 million ay kinaltas mula sa halaga. Ang mga halagang ito ay inaprobahan ng Korte.

May maiiwan dito na \$101.7 million na para maipapamahagi sa mga nararapat na miyembro ng grupo at kilala bilang 'distribution sum'. Ang mga nararapat na miyembro ng pangkat ay mababayaran ng napagkasunduang kabayaran magmula sa halagang ito.

### Hakbang 2: Pagkukuwenta ng iyong tinubo

Ang ikalawang hakbang ay pagkukuwenta ng itinubo o interes (simple interest) sa ibinalik na kabayaran.

Sa bawat araw na hindi binayaran ang perang inutang, may tubong ipapatong. Ang ginamit na mga rata ng tinubo ay itinalaga ng Federal Court.

Ang arawang interes ay susumahin upang malaman ang kabuuang halaga ng tubo sa bawat pautang.

### Hakbang 3: Pagkukuwenta sa iyong karagdagang bayad

Pagkatapos makuwenta ang tinubo para sa lahat ng mga nararapat na miyembro ng grupo, mayroon pang perang naiwan mula sa kabuuan ng pamamahagi. Lahat ng mga nararapat na

miyembro ng grupo ay makakakuha ng bahagi nito. Tinawag ito na karagdagan sa iyong napagkasunduang kabayaran (added settlement amount).

Ang iyong karagdagang halaga sa napagkasunduang kabayaran ay batay sa tubo o interes ng makukuha mo (tingnan ang Hakbang 2). Kung mas malaki ang tubo ng iyong makukuha, mas malaki rin ang halaga ng iyong 'added settlement amount'.

## Hakbang 4: Ang kabuuan

Ang pinakahuling hakbang sa pagkuwenta ng kabuuan sa iyong napagkasunduang kabayaran ay ang pagsama-sama sa halaga ng tubo (hakbang 2) at ang 'added settlement amount' (hakbang 3) upang maging isang napagkasunduang kabayaran.

Kung ikaw ay may maraming nararapat na mga utang, ang napagkasunduang kabayaran sa bawat utang ay pagsasamahin. Ang kabuuang halaga ng napagkasunduang kabayaran na matatanggap mo ay binuo sa pinakamalapit na cent.


## Ang halaga ng napagkasunduang kabayaran para sa mga nararapat na miyembro ng grupo

Ang napagkasunduang halaga na matatanggap ng bawat tao ay magkakaiba. Ang iyong napagkasunduang kabayaran ay kinuwenta ng kaparehas na paraan sa tinubo. Kung mas marami kang ibinayad at mas matagal kang nawalan nitong pera, mas malaki ang iyong bahagi sa napagkasunduang kabayaran. Mga kalahati sa mga napagkasunduang kabayaran ay nasa pagitan ng \$50 at \$300.

Maaari mong makita ang mga hinatihating halaga na ipinamahagi ayon sa mga hanay ng kabayaran sa ibaba.

## Hinati-hati ayon sa mga hanay ng kabayaran

Hanay ng kabayaran	Porsiyento ng mga miyembro ng grupo
Under \$1	1.1%
\$1 - \$10	4.6%
\$10.01 - \$50	20.7%
\$50.01 - \$100	17.9%
\$100.01 - \$300	30.8%
\$300 .01 - \$500	10.6%
\$500.01 - \$1000	9.1%
Over \$1000	5.2%



## Para sa karagdagang impormasyon

- Tumawag sa **1800 171 846** upang makausap kami tungkol sa 'class action'. Sabihin sa amin kung kailangan mo ang interpreter, at magsaayos kami ng libre. May mga kasamang interpreter sa mga wikang Aborihinal at Torres Strait Island.
- Pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/classaction](https://servicesaustralia.gov.au/classaction) para sa karagdagang impormasyon sa Ingles.
- Pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/yourlanguage](https://servicesaustralia.gov.au/yourlanguage) kung saan makabasa, mapakinggan or manood ng mga videos sa inyong wika.
- Bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

Tandaan: Ang mga tawag sa '1800' na mga numero mula sa telepono sa bahay ay libre. Ang mga tawag mula sa mga teleponong pampubliko at mobile ay maaaring inoوران at sisingilin sa mas mataas na presyo.



# Explaining your settlement payment

## You are getting a settlement payment as you are an eligible member of the 'Robodebt' (Social Security Debt Collection) Class Action (VID1252/2019)

The Commonwealth and the applicants (represented by Gordon Legal) agreed to settle the class action. The Federal Court approved the way your settlement payment was calculated.

### How is my settlement payment worked out?

The amount you get depends on:

- When you repaid money towards eligible debts
- How much you repaid
- When you got your refund, and
- How many eligible group members registered for a settlement payment.

People who paid back more, and were without this money for longer, will get larger payments.

### Step 1: Working out the settlement distribution

The Federal Court approved the agreed settlement sum of \$112 million.

First, the costs for Gordon Legal of \$10.3 million were deducted from this amount. These costs were approved by the Court.

This left \$101.7 million for distribution among eligible group members and is known as the 'distribution sum'. Eligible group members get settlement payments from this amount.

### Step 2: Calculating your interest

The second step is calculating the 'simple interest' on the money that was repaid.

For every day that you were without the money repaid to your debt, an interest amount is calculated. The interest rates used for this were set by the Federal Court.

The daily interest amounts are then added together to give the total interest amount for each debt.

### Step 3: Working out your added amount

After calculating the interest for all eligible group members, there was still money left from the distribution sum. Every eligible group member gets a portion of this. This is called your 'added settlement amount'.

Your added settlement amount is based on the interest amount you are getting (see Step 2). The more interest you get, the bigger your added settlement amount.

### Step 4: Adding it up

The final step to calculate your total settlement payment is to add your interest amount (step 2) and the 'added settlement amount' (step 3) together to give a settlement payment.

If you have multiple eligible debts, the settlement payment for each debt is added up. The total settlement payment you receive has been rounded up to the nearest cent.


## Settlement payment amounts for eligible group members

The settlement amount each person is paid will be different. Your settlement payment is calculated in a similar way to interest. The more you paid back and the longer you went without this money, the larger your share of the settlement. Around half of settlement payments will be between \$50 and \$300.

You can see the breakdown of how amounts have been distributed by payment ranges below.

### Breakdown by payment ranges

Payment range	Percentage of group members
Under \$1	1.1%
\$1 - \$10	4.6%
\$10.01 - \$50	20.7%
\$50.01 - \$100	17.9%
\$100.01 - \$300	30.8%
\$300.01 - \$500	10.6%
\$500.01 - \$1000	9.1%
Over \$1000	5.2%



### For more information

- Call **1800 171 846** to speak with us about the class action. Let us know if you need an interpreter, and we will arrange one for free. This includes interpreters for Aboriginal and Torres Strait Islander languages.
- Go to [servicesaustralia.gov.au/classaction](https://servicesaustralia.gov.au/classaction) for more information in English.

- Go to **[servicesaustralia.gov.au/yourlanguage](https://servicesaustralia.gov.au/yourlanguage)** where you can read, listen to or watch videos in your language.
- Visit a service centre.

Note: Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.